Filipino

A joint Australian Government & State/Territory Health initiative

Kailan kayo huling nagpa-pap smear?

Marami sa mga kanser sa bungad ng matris ang maiiwasan kung ang bawat babae ay magpa-pap smear tuwing ikalawang taon.

National Cervical Screening Program

DON'T MAKE EXCUSES, MAKE AN APPOINTMENT

Ano ang 'Pap smear'?

Ang 'Pap smear ay isang simpleng pagsusuri ng kalusugan ng bungad ng matris. Madali lang itong gawin at hindi masakit.

Ang pagsusuring ito ang pinakamabuting paraan upang matuklasan at maiwasan ang kanser sa bungad ng matris.

Bakit kailangang magpa-Pap smear?

Ang Pap smear ang makakapagpakita ng mga unang babala ng kanser sa bungad ng inyong matris. Ang bungad ng matris ay nasa loob ng inyong ari. Ito ang butas tungo sa inyong matris.



Kung minsan ang maliliit na selula ng bungad ng matris ay nagbabago buhat sa pagiging malusog at nagiging abnormal. Nangyayari ito nang hindi ninyo nalalaman. Ang mga abnormal na selulang ito ay maaaring magamot ng doktor bago ito maging kanser.

Mga 90% ng pinakakaraniwang kanser sa bungad ng matris ay maaaring maiwasan kung ang maagang pagbabago ng selula ay matutuklasan at magagamot.

Sino ang kailangang magpa-Pap smear?

Kung kayo ay nakikipagtalik dapat kayong magpa-Pap smear tuwing ikalawang taon.

Hanggang sa edad na 70, kailangan pa rin ng regular na Pap smear.

Paano ba ginagawa ang Pap Smear?



Ganito ang ginagawa...

Una hihilingin ng inyong doktor na hubarin ninyo ang inyong damit buhat sa beywang pababa at pahihigain kayo para sa pagsusuring ito. Maaari kayong humiling ng babaeng doktor.

Gagamitin ng doktor ang espekyulum upang pabukahin ang inyong ari.

Sa pamamagitan ng isang sepilyo o spatula (isang maliit na patpat na yari sa kahoy o plastik) marahang Papahirin ang mga selula sa bungad ng inyong matris.

Ang mga selulang ito ay ilalagay sa isang pirasong salamin at ipadadala sa laboratoryo upang ito ay eksaminin sa ilalim ng isang mikroskopyo.

Paano naman ang resulta nito?

Kung kayo ay nagPapa-Pap smear mahalagang itanong ninyo sa inyong doktor kung kailan at kung paano ninyo malalaman ang resulta nito.

Karamihan ng mga resulta ay normal.

Paano kung ang resulta ay hindi normal?

Kung ang resulta ninyo ay hindi normal hindi naman ito nangangahulugang kayo ay may kanser.

Maaaring ang ibig sabihin nito ay isang simpleng kondisyon na maaaring gamutin ng doktor.

Napakahalagang pag-usapan ninyo ng inyong doktor kung ano ang kahulugan ng inyong resulta at kung paano kayo magPapagamot.

Ano ang susunod na mangyayari?

Kung minsan ang isang babae ay kailangang malimit ang pagpa- Pap smear. Ang ibang babae naman ay maaaring kailangang komunsulta sa isang espesyalista. Kung mayroong mga selulang hindi malusog, ito ay maaaring gamutin.

Makipag-usap sa inyong doktor upang matiyak ang pinakamabuting pagPapagamot para sa inyo.

Kailangan ko pa rin ba ng Pap smear kahit huminto na ang aking pagreregla?

Oo., ang peligro ng pagkakaroon ng kanser sa bungad ng inyong matris ay tumataas habang kayo ay nagkakaedad kaya mahalagang lagi pa ring magpa-Pap smear tuwing makalawang taon kahit huminto na ang inyong pagreregla.

Kailangan ko pa rin ba ang magpa-Pap smear kung inalis na ang aking matris (hysterectomy)?

Maaaring kailangan pa rin ninyo na magpa-Pap smear. Kausapin ang inyong doktor.

May naPapansin akong hindi karaniwang pagdurugo.

Kung kayo ay nagkakaroon ng di-karaniwang pagdurugo o may lumalabas sa inyong harap (ari), makipagkita agad sa inyong doktor.

Gaano ba ang nagagastos sa pagpa-Pap smear?

Maraming doktor, klinika at mga sentro ng kalusugan ang nagbibigay ng libreng Pap smear at may ibang pagamutan na sumisingil ng bayad. Itanong muna kung magkano ito bago kayo gumawa ng pakikipagtipan. Pumili ng lugar na mura ang singil at maginhawa para sa inyo.

Hindi ko na matandaan kung kailan ako huling nagpa-Pap smear.

Marahil ang inyong doktor o klinika ay may sistema upang ipaala-ala sa inyo kung kailan kayo dapat na muling magpa-Pap smear.

Bawat estado at teritoryo ay mayroon ding rehistro ng mga resulta ng inyong Pap smear. Ang mga impormasyong ito ay kompidensiyal at protektado ng batas.

Ang rehistrong ito ay nagsisilbing taga- tawag pansin kung kayo ay dapat nang magpa- Pap smear o kung kailangan pa ninyo ng karagdagang gamutan.

Kung ayaw ninyong maitala ang inyong impormasyon sa rehistrong ito, sabihin sa inyong doktor.

Saan ako maaaring magtungo para magpa-Pap smear?

Maraming babae ang nahihiya na magpa- Pap smear. Maaaring makatulong kung pipili kayo ng tao at isang lugar na komportable kayo. Maaari kayong gumawa ng apoyntment sa inyong doktor, nars o sa isang klinika sa pagPaplano ng pamilya. Maaari kayong humiling ng doktor na babae upang kumuha ng inyong Pap smear.

Kung kailangan ninyo ng isang interprete, banggitin ito kung kayo ay gumagawa ng pakikipagtipan.

Para sa karagdagang impormasyon upang maiwasan ang kanser sa bungad ng matris, tumawag sa **13 15 56** (sa halaga ng isang tawag na lokal).

Kung sakaling nahihirapan kayong makipag-usap sa wikang Ingles, tumawag sa Translating and Interpreting Service upang humingi ng tulong, **13 14 50**. Ito ay sa halaga ng isang tawag na lokal.

www.cervicalscreen.health.gov.au

AUSTRALIA

A joint Australian Government & State/Territory Health initiative